01


# PAGSISIMULA NG IYONG BUHAY

## SA BANAL NA ESPIRITU



Sa loob ng tatlong taon, ang mga alagad ay namuhay at nagsigawang kasama si Hesus. Nakausap nila si Hesus ng harapan. Kilala nila si Hesus. Nagtiwala at nagmahal sila sa Kanya. Ngunit isang gabi, sinabi ni Hesus sa Kanyang mga alagad ang isang kagimbal-gimbal na balita. Siya ay malapit nang mamatay.

Ilagay mo ang iyong sarili sa katayuan ng mga alagad. **Ano ang magiging pakiramdam mo? Pagkalito? Pagkatakot?** Gayon din marahil ang kanilang naramdaman.



Gagawin ng Diyos na tahanan ang bawat buhay ng mga tao na magmamahal at tatanggap sa Kanya.



Gayon pa man, isa-isip ninyo na sa pagbibilin ni Hesus, sinabi Niya na sa Kanyang pagtungo sa Ama, may isang kaibigang darating—isang kaibigang mananatili, mananahan sa inyong buhay.

Ang tinutukoy na kaibigang darating ay ang **BANAL NA ESPIRITU**. Ang kahanga-hangang bagay na sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo ay ang katotohanang ang **Banal na Espiritu ay mananahan sa kanilang buhay**. At higit pa ditto, **Siya ay makakasama nila magpakailan pa man**.

Isipin ninyo ang kasiglahang idinulot nito sa kanila.




Ang bawat araw ay maaaring maging isang kapanapanabik na pakikipagsapalaran sa isang Kristiyanong nakakaranas ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu at nabubuhay sa bawa’t sandal sa ilalim ng Kanyang mabiyayang pamumuno.



Sa gayong paraan ang mga alagad ay di-naiiwang nagsisikap gawin ang isang bagay na imposible tulad ng tularan ang ugali ni Kristo at sikaping ituloy ang Kanyang misyon. Sa halip, sa **pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang pina-kabuhay ni Kristo kasama na nga ang Kanyang Pag-uugali, kapangyarihan at lakas, ay maaaring mamalas sa pamamagitan ng kanilang buhay at pagkatao.**

Makaraan ang dalawampung siglo, ang pangako ni Kristo ay nananatili pa ring totoo. Ipinagkakaloob Niya ang pag-asa sa mga nagsisikap tumulad sa Kanyang naging buhay. Ang sinumang tunay na nagsikap na abutin ang layuning yaon, ay nakakaalam din na, gaano man kahalaga ang layuning ito, ay hindi niya kailanman makakaman ang hangaring ito. Si Hesu-Kristo lamang ang maaaring mamuhay na gaya ni Hesu-Kristo.



**Kapag pumasok si Hesus sa buhay ng isang tao, siya ay maaaring mamuhay ng buhay ni Hesus. Ito'y nakalaan para sa bawat isa.**

At iyan nga ang bukod-tanging kaibhan ng Kristiyanismo. Hindi na kailangang mabigo sa ating pagsisikap na mamuhay ayon sa mga napakataas na etikal, moral at saligang espirituwal. Ang tanging Tao na sakdalang nakapamuhay ng mga ulirang pag-uugaling yaon ay nangangako na muli Niyang ipinamamalas ang mga yaon sa buhay ng bawat isa sa atin.

Magandang pakinggan, di ba? Ang tanong ay, ***paano ko mararanasan ang Kristong nabuhay na muli na mamuhay sa akin?***

Makatulong sa pagpapali-wanag ang mga sumusunod na pahina. Kunin ang munting aklat na may taguring ***“Natuklasan Mo Na Ba ang Mapuspos ng Banal na Espiritu?”***

Basahin muna ito bago magpatuloy sa munting aklat na ito. Pagkatapos basahin ang ***“Natuklasan Mo Na Ba Ang Mapuspos ng Banal na Espiritu?”*** balikan ang munting aklat na ito at sagutin ang mga katanungang balik-aral.

# KATANUNGANG BALIK-ARAL

Sa pagsagot ninyo sa mga katanungan, tignan ang aklat na "Natuklasan Mo Na Ba Ang Mapuspos ng Banal na Espiritu?"

**1.** Kanino umaasa ang Kristiyanong makalaman (karnal)? **(Pahina 7)**

**2.** Kanino umaasa ang Kristiyanong nasa espiritu? **(Pahina 5)**

**3.** Ano ang dalawang bahagi ng paghingang spiritual? **(Pahina 15)**


**4.** Ano ang tatlong bagay na napapaloob sa paghingang palabras (pagpapahayag ng kasalanan)? **(Pahina 5)**

**5.** Ano ang kahulugan ng paghingang paloob? **(Page 15)**

**7.** Malalaman nating na tayo’y puspos ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya sang-ayon sa

Kanyang                                         at                                         . **(Pahina 11)**


**Ang Kristiyanong nasa espiritu ay nagiging makalaman (karnal) kapag ayaw niyang magpahayag ng mga kasalanan na nasa kanyang buhay.**



**Suggested na babasahin:**

1. [Ebanghelyo sang-ayon kay Juan]

2. [Kaalamang Maisasalin Blg. 3 “Paano Mapuspos ng Espiitu?” (Transferable Concept #3, How To Be Filled with the Spirit)]



## MGA KASAGUTAN:

1. Ang Kristiyanong makalaman (o karnal) ay umaasa sa kanyang sarili upang maka-pamuhay ng buhay Kristiyano.
2. Ang Kristiyanong nasa espiritu ay umaasa sa Banal na Espiritu upang makapamu-hay ng buhay Kristiyano.
3. Ang dalawang bahagi ng paghingang espirituwal ay paghingang palabras at pa-loob.
4. Palabas (pagpapahayag ng kasalanan) ay pagsang-ayon sa Diyos tungkol sa kasa-lanan.

   Pagpapasalamat sa Kanya sa Kanyang kapatawaran, Pagsisisi—pagbabago ng pagpapalagay at mga Gawain.
5. Ang paghingang espirituwal ay nangangahulugan ng pagsuko sa pamamahal ng ating buhay kay Kristo at pagtanggap ng kapuspusan ng Banal na Espiritu sa pa mamagitan ng pananampalataya.
6. Malalaman natin na tayo'y puspos ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya ayon sa Kanyang utos at vv pangako.

cru

A caring community passionate about
connecting people to Jesus Christ